

PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO PARA SA MGA EMPLEYADO

1 Panimula

Committed kaming alagaan ang pagkapribado ng personal na impormasyong aming nakukuha tungkol sa aming mga inaasahan, kasalukuyan at dating empleyado (“**ikaw**” o “**mga empleyado**”) para sa layuning pamamahala, human resources at pagpapasuweldo.

Bilang empleyado ng Hyatt (o inaasahang empleyado), nauunawaan at tinatanggap mo na kinakalap, ginagamit at ibinubunyag namin ang iyong personal na impormasyon ayon sa Patakaran sa Pagkapribado para sa mga Empleyado na ito (ang “**Patakaran**” na ito).

2 Ang Pagpapatupad ng Patakarang ito

Ang Patakaran na ito ay ipinapatupad sa personal na impormasyon ng mga empleyado at sa paggamit ng personal na impormasyon na iyon sa anumang anyo, pasalita man, elektroniko at/o pasulat. Ang Patakaran na ito ay ipinapatupad maliban kung may isang natatanging patakaran sa pagkapribado ng isang bansa/rehiyon para sa iyo base sa iyong pagka-mamamayan/paninirahan o kung ang Lokasyon ng Hyatt (ayon sa pagtukoy sa ibaba) ay nasa gayung bansa/rehiyon.

Ang Patakaran na ito ay nagpapatupad sa commitment ng Hyatt na pangalagaan ang iyong personal na impormasyon at pinagtitibay ng lahat ng mga hiwalay at sariling mga legal na entity na namamahala, nagpapalakad, may prankisiya, nagmamay-ari at/o nagbibigay ng mga serbisyo sa mga lokasyong pinapalakad sa ilalim o kaugnay ng Hyatt®, Park Hyatt®, Miraval®, exhale®, Grand Hyatt®, Hyatt Regency®, Andaz®, Hyatt Centric®, The Unbound Collection by Hyatt®, Hyatt Place®, Hyatt House®, Hyatt Ziva™, Hyatt Zilara™ o Hyatt Residence Club® mga tatak sa buong mundo, kabilang ang mga independyenteng lokasyon na may tatak na kaanib ng Hyatt (individually, isang “**Lokasyon ng Hyatt**”) at pinagsamang, ang “**mga Lokasyon ng Hyatt**”). Kasama sa mga entity na iyon ang Hyatt Hotels Corporation, ang direkta at hindi direktang mga subsidiary nito, at lahat ng hiwalay at sariling legal na entity na nagmamay-ari ng indibiduwal na mga Lokasyon ng Hyatt sa buong daigdig. Ang mga pagtukoy sa “**Hyatt**,” “**kami**” at “**amin**” sa kabuuan ng Patakarang ito, depende sa konteksto, ay magkakasamang tutukoy sa magkakahiwalay at natatanging legal na entity, kabilang ang entity kung saan mayroon o maaaring mayroon kang kaugnayang pang-empleyo.

Ang iyong personal na impormasyon ay ipoproseso ng entity kung saan mayroon o maaaring mayroon kang kaugnayang pang-empleyo para sa mga layuning ipinahayag sa Seksyon 4 sa ibaba. Maaaring ibunyag ang iyong personal na impormasyon sa iba pang mga entity na nakalista sa itaas para sa mga layunin ng pangangasiwa ng human resources.

Bagama't ang layunin sa Patakarang ito ay ilarawan ang pinakamalawak na sakop ng aming mga aktibidad sa pagproseso ng personal na impormasyon sa buong mundo, maaaring mas limitado ang mga aktibidad na iyon sa pagproseso sa ilang hurisdiksyon batay sa mga paghihigpit ng kanilang mga batas. Halimbawa, maaaring limitahan ng mga batas ng isang partikular na bansa ang mga uri ng personal na impormasyon na maaari naming kolektahin o ang paraan kung paano namin pinoproseso ang personal na impormasyong iyon. Sa mga pagkakataong iyon, inaayos namin ang aming mga panloob na patakaran at/o kasanayan upang sundin ang mga iniaatas ng lokal na batas.

Kung sumasang-ayon ka sa Patakarang ito, ibinibigay mo, sa sakop na iniaatas sa ilalim ng lokal na batas sa ilang hurisdiksyon, ang iyong hayagan at nakasulat na pahintulot sa pagproseso ng anumang personal na impormasyon na ibinigay mo sa Hyatt na itinuturing na Sensitibong Personal na Impormasyon (tulad ng inilarawan sa Seksyon 3) o itinuturing bilang impormasyon sa pananalapi.

3 Ang Mga Uri ng Personal na Impormasyong Aming Pinoproseso

Tinutukoy ng terminong “**personal na impormasyon**” sa Patakarang ito ang impormasyong kumikilala o may kakayahang magbigay ng pagkakakilanlan sa iyo bilang isang indibidwal. Kasama sa mga uri ng personal na impormasyon na aming pinoproseso (na maaaring magbago alinsunod sa hurisdiksiyon batay sa mga may-kaugnayang batas at uri ng posisyon at mga tungkulin ng empleyado) ang:

- pangalan, kasarian, personal na mga detalye ng contact, araw ng kapanganakan, imahe, etnisidad, katayuang marital, mga tatawagan sa emerhensiya;
- tirahan at katayuan ng permiso sa pagtatrabaho, katayuang pang-militar, nasyonalidad at impormasyon ng pasaporte;
- social security o ibang numerong pagkikilanlan bilang nagbabayad ng buwis, mga detalye sa pagbabangko;
- bayad kapag may-sakit, mga pensiyon, impormasyon sa insurance at iba pang mga benepisyo (kasama ang kasarian, edad, nasyonalidad at impormasyon ng pasaporte para sa sinumang asawa, menor de edad na mga anak o ibang nararapat na mga umaasa at benepisyaryo);
- petsa ng pag-empleyo, (mga) petsa ng (mga) promosyon, kasaysayan ng trabaho, mga teknikal na kasanayan, background na pang-edukasyon, mga propesyonal na sertipikasyon at mga rehistrasyon, mga kakayahan sa wika at mga kursong pagsasanay na nilahukan;
- taas, timbang at sukat ng pananamit, litrato, mga pisikal na limitasyon at espesyal na pangangailangan;
- mga tala sa hindi pagpasok sa trabaho, karapatan at hiling sa bakasyon, kasaysayan ng suweldo at mga inaasahan, mga pagtasa sa pagganap, mga sulat ng pasasalamat at papuri, pagpili at pagtatasa sa pag-unlad, at mga pamamaraan sa pagdidisiplina at pagrereklamo (kabilang ang pagsubaybay sa pagsunod at pagpapatupad sa mga patakaran ng Hyatt);
- kung saan pinapahintulutan ng batas at may kaangkupan batay sa gawaing isinasagawa ng isang empleyado o inaasahang empleyado, ang mga resulta ng pagsusuri sa background sa aspetong pang-utang at kriminal, ang mga resulta ng pagsusuri sa droga at alkohol, mga sertipikasyon sa kalusugan, numero ng lisensiya sa pagmamaneho, rehistrasyon ng sasakyan at kasaysayan sa pagmamaneho;
- mga programa para sa kaayusan, (kabilang ang anumang impormasyon para sa isang asawa, anak na menor de edad o ibang mga karapat-dapat na mga dependiyente at mga benepisyaryo na pumiling lumahok sa programa ng kaayusan);

- impormasyong kailangan upang sumunod sa mga batas, mga hiling at utos ng mga awtoridad sa pagpapatupad ng batas o utos ng korte (*hal.*, suporta sa anak o impormasyon sa pagbabayad sa utang);
- mga pagkilala, mga pagkakasundo kaugnay sa mga patakaran ng Hyatt, kabilang ang etiko at/o mga patakaran sa magkasalungat na interes at mga patakaran sa paggamit ng computer at iba pang paggamit ng pag-aari ng kumpanya;
- impormasyong nakuha sa mga sistema ng seguridad, kabilang ang Closed Circuit Television (“**CCTV**”) at mga sistema ng pagpasok gamit ang key card at ibang mga sistema ng seguridad at teknolohiya, hanggang sa pinahihintulutan ng naaangkop na batas kabilang, sa ilang mga hurisdiksyon, ang impormasyong biometric at pagkakilala sa pamamagitan ng mukha;
- mga voicemail, e-mail, pagsusulatan at ibang ginawang produkto at komunikasyon sa trabaho, naka-imbak o ipinadala ng empleyado gamit ang computer ng Hyatt, network o mga kagamitan sa komunikasyon;
- petsa ng pagbibitiw o terminasyon, dahilan sa pagbibitiw o terminasyon, impormasyon ukol sa pamamahala ng terminasyon ng pag-e-empleyo (*hal.*, mga reperensiya); at
- ang anumang nauugnay na data na maaaring kinakailangan upang sumunod sa mga layunin ng Hyatt.

Karamihan sa personal na impormasyong pinoproseso namin ay impormasyon na alam mong iyong ibinigay sa amin. Gayunpaman, sa ibang pagkakataon, nagpoproseso kami ng personal na impormasyong nalalaman namin tungkol sa iyo batay sa iba pang impormasyong ibinigay mo sa amin o sa aming mga pakikipag-ugnayan sa iyo, o personal na impormasyon tungkol sa iyo na natanggap namin mula sa isang third party (tulad ng isang ahente ng recruitment o tagabigay-serbisyo sa background check) gamit ang isang proseso na sinabi namin sa iyo.

Maaaring may mga pagkakataon kung saan ang personal na impormasyong ibinigay mo sa amin o nakalap namin ay itinuturing na Sensitibong Personal na Impormasyon sa ilalim ng mga batas sa pagkapribado ng ilang bansa. Tinutukoy ng mga batas na iyon na ang “**Sensitibong Personal na Impormasyon**” ay personal na impormasyon kung saan maaari naming matukoy o malaman ang pinagmulang lahi o etnisidad, mga opinyon sa politika, mga paniniwala sa relihiyon o iba pang mga paniniwala na may kaparehong katangian, pagiging miyembro ng isang trade union o samahan ng mga propesyonal, kalusugan o kundisyong pisikal o ng pag-iisip, data ng gene, impormasyong biometric, at impormasyon tungkol sa sekswal na pamumuhay o sekswal na oryentasyon ng isang indibidwal. Sa ilang bihirang pagkakataon, ang mga pampinansyal na talaan ay maaaring bumuo sa Sensitibong Personal na Impormasyon kung saan ka matatagpuan. Pinoproseso lang namin ang Sensitibong Personal na Impormasyon sa iyong hurisdikyon kung, at sa sakop na, pinapahintulutan o iniaatas ng naaangkop na batas.

Maliban kung ipinahayag na hindi, ang lahat ng impormasyong hihilingin namin mula sa iyo ay mandatoryo. Kung hindi ka magbibigay at/o papayag na iproseso namin ang lahat ng iyong kinakailangang personal na impormasyon gaya ng hiniling, hindi kami magkakaroon ng kumpletong impormasyon tungkol sa iyo, na makakaapekto sa aming kakayahan na gampanan ang mga layuning tinukoy sa Seksyon 4 sa ibaba.

4 Paano Namin Ginagamit ang Personal na Impormasyon

Depende sa bawat bansa at mga may-kaugnayang batas, maaari kaming mangalap, gumamit at magbunyag ng personal na impormasyong may kaugnayan sa mga empleyado upang:

- tasahin ang mga aplikasyon sa pag-eempleyo;
- pamahalaan ang lahat ng aspeto ng pag-eempleyo ng empleyado, kasama, ngunit hindi limitado sa, pagsusuweldo, mga benepisyo, biyaheng pantrabaho at ibang naibabalik na gastusin, pagpapabuti at pagsasanay, pagmamanman ng hindi pagpasok, pagtasa ng pagganap, mga proseso sa pagdidisiplina at pagrereklamo;
- gawin ang mga proseso ng pangkalahatang administratibo, analitikal at kaugnay sa human resources;
- bumuo ng mga plano para sa mga trabahador at pagsusunod;
- panatilihin ang mga talaan ng pagkakasakit at mga programa para sa kalusugan sa trabaho;
- protektahan ang kaligtasan at seguridad ng mga bisita, kawani at pag-aari ng Hyatt (kabilang ang pamamahala at pagpapadali sa access at aktibidad sa pagsubaybay sa mga lugar na sinisiguro at aktibidad na gumagamit ng mga computer, mga komunikasyon at iba pang pagmamay-ari ng Hyatt);
- imbestigahan at tugunan ang mga paghahabol laban sa Hyatt, sa mga kawani at mga bisita nito;
- magsagawa ng mga pagsusuri sa saloobin ng mga empleyado at isakatupad ang mga programang pagkilala sa mga empleyado;
- pamahalaan ang terminasyon ng pagka-empleyo at magbigay at magpanatili ng mga reperensiya;
- panatilihin ang mga detalye ng contact na pang-emergency at benepisyaryo (kasama ang pagtago ng Hyatt ng impormasyon sa iyong mga ino-nomina kaugnay nito); at
- sumunod sa mga nararapat na batas (*hal.* batas sa kalusugan at kaligtasan), kabilang ang mga hudisyal o administratibong utos ukol sa mga indibidwal na mga empleyado (*hal.* mga bayarin o bayad sa suporta sa anak).

May mga Closed Circuit Television (CCTV) na camera at ibang gamit panseguridad na gumagana sa loob at paligid ng ating mga hotel at iba pang lugar na, depende sa bawat bansa at mga naaangkop na batas, maaaring gamitin para sa mga sumusunod na layunin:

- upang maiwasan at makita ang krimen;
- upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga bisita at kawani ng Hyatt;
- upang mapahamalaan at maprotektahan ang pag-ari ng mga kawani, bisita at iba pang mga pumupunta sa Hyatt; at
- para sa mga layunin ng pagtitiyak sa kalidad, sa sakop na iniaatas ng naaangkop na batas.

Maaari rin kaming gumamit ng mga programang 'Sikretong Mamimili' o 'Mistryong Bisita' upang masubaybayan ang kalidad ng aming serbisyo sa customer.

Maaari rin naming subaybayan ang paggamit ng Internet at mga komunikasyon alinsunod sa mga may-kaugnayang batas at **Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit** at anumang iba pang mga patakaran na maaaring pana-panahong pumalit, magbago o maidagdag sa patakarang iyon.

Maaari naming panatilihin ang ilang partikular na personal na impormasyon ng mga empleyado pagkatapos magwakas ng kanilang pagtatrabaho para sa anumang mga natitirang aspeto na tinukoy sa itaas. Papanatilihin lang namin ang naturang personal na impormasyon hangga't kinakailangan ito at sa lahat ng kaso nang hindi tatagal sa pinapahintulutan ng **Patakaran sa Pamamahala ng Mga Tala ng Hyatt** at naaangkop na batas sa lahat ng kaso.

5 Mga Pagbubunyag ng Iyong Personal na Impormasyon

5.1 Pangkalahatan

Upang maisagawa ang mga layuning nakalista sa itaas, ibubunyag ang iyong impormasyon para sa mga layunin na tinukoy sa itaas sa kawani ng human resources, mga line manager, mga sanggunian, mga tagapagpayo at iba pang nararapat na mga tao sa aming mga hotel at opisina.

5.2 Sa aming Mga Ahente, Tagapagbigay-Serbisyo at Supplier

Katulad ng maraming mga negosyo, pana-panahon, nag-a-outsorce kami ng pagproseso ng ilang mga tungkulin at/o impormasyon sa mga third party. Pakitandaan na kapag nag-apply ka para sa isang posisyon sa amin online, maaaring mailipat ka sa site ng third party na kinontrata ng Hyatt na magproseso ng iyong personal na impormasyon sa ngalan namin. Kapag na-outsorce namin ang pagproseso ng iyong personal na impormasyon sa mga third party o kapag ibinigay namin ang iyong personal na impormasyon sa mga third party na tagapagbigay-serbisyo, hinihiling namin sa mga third party na iyon na protektahan ang iyong personal na impormasyon alinsunod sa mga tuntunin at kundisyon ng Patakarang ito, na may mga naaangkop na panseguridad na hakbang.

5.3 Mga Paglipat ng Negosyo

Habang patuloy naming pinabubuti ang aming negosyo, maaaring bumili at magbenta kami ng aming mga hotel at iba pang ari-arian. Sa mga naturang transaksyon, karaniwang isa sa mga naililipat na ari-arian ang impormasyon ng empleyado at may karapatan kaming isama ang iyong personal na impormasyon bilang ari-arian sa anumang naturang paglipat. Isa pa, sakaling kami, o ang lahat ng aming mga ari-arian ay nabili, ang impormasyon ng empleyado ay maaaring isa sa mga mailipat na ari-arian.

5.4 Mga Legal na Kinakailangan

Nakalaan sa amin ang karapatan na ibunyag ang anumang personal na impormasyon na nasa amin patungkol sa iyo kung inutos sa amin ng isang hukuman na gawin iyon o hiniling sa amin ng isang pampamahalaang entity na gawin iyon o kung matukoy namin na kailangan o mainam ito upang makasunod sa batas o upang protektahan o ipagtanggol ang aming mga karapatan o ari-arian alinsunod sa mga naaangkop na batas. Nakalaan din sa amin ang karapatan na panatilihin ang personal na impormasyong nakolekta at

iproseso ang naturang personal na impormasyon upang makasunod sa mga batas at regulasyon sa accounting at buwis at anumang mga partikular na batas sa pagpapanatili ng talaan.

6 Pandaigdigang Paglipat ng Personal na Impormasyon

Katulad ng karamihan sa mga pandaigdigang negosyo, pinagsama namin ang ilang aspeto ng aming pagproseso ng data at pamamahala ng human resources alinsunod sa mga naaangkop na batas upang pahintulutan kaming mas mahusay na mapamahalaan ang aming negosyo. Ang pagsasama-samang ito ay maaaring magresulta sa pagpapadala ng personal na impormasyon mula sa isang bansa papunta sa iba. Halimbawa, ang ilang personal na impormasyon na tungkol sa iyo ay ipapadala at ipoproseso sa Estados Unidos kung ikaw ay empleyado o kandidato sa pagka-empleyo: (a) ng anumang kaanib ng Hyatt na nasa labas ng Estados Unidos; o (b) bilang isang miyembro ng Executive na Komite, Puno ng Departamento o ibang pangunahing empleyado ng alinman sa aming mga entity o kaanib na mga hospitality business na nasa labas ng Estados Unidos.

Kung isinasaalang-alang ka para sa isang posisyon sa isang Lokasyon ng Hyatt sa ibang bansa, ang ilang personal na impormasyon tungkol sa iyo ay ipapadala sa bansa kung nasaan naroon ang pangangailangan ng trabaho. Nang may pahintulot mo, ang personal na impormasyon tungkol sa iyo ay maaari ring maipadala sa mga tagapamahala at/o kawani ng human resources ng mga kaakibat ng Hyatt sa iba pang mga lokasyon alinsunod sa mga naaangkop na batas upang magawa nilang makipag-ugnayan sa iyo ukol sa pag-a-apply mo sa ibang posisyon. Ang mga hurisdiksiyon kung saan maipapadala ang impormasyon ay maaaring mayroon o maaaring walang mga batas na naglalayong panatilihin ang pagkapribado ng personal na impormasyon.

Subalit, kapag ipinapadala ang iyong personal na impormasyon sa loob ng Hyatt, ipoproseso ang iyong personal na impormasyon alinsunod sa mga utos (tingnan ang Seksyon 10 sa ibaba para sa karagdagang detalye), tuntunin at kundisyon ng Patakarang ito at ng mga naaangkop na batas. Ang isang listahan ng mga Lokasyon ng Hyatt kung saan ipapadala ang iyong personal na impormasyon, at ang mga hurisdiksiyon kung saan ito matatagpuan, ay maaaring mahanap sa pamamagitan ng pagpili sa “Lahat” (All) sa: <https://www.hyatt.com/explore-hotels>.

Bilang karagdagan, ilan sa mga supplier na third party kung saan namin pinapadala ang iyong personal na impormasyon ay maaaring nakabase sa iba't ibang lugar, ang ilan dito ay maaaring may mas mababang antas ng pangangalaga sa data kaysa sa iyong pinanggalingang bansa. Kapag aming ipinadadala ang personal na impormasyon sa mga third party, sinisigurado naming mayroong angkop na pangangalaga, at inoobliga ang mga third party na iyon na pangalagaan ang iyong personal na impormasyon ayon sa mga tuntunin at kondisyon ng Patakaran na ito, nang may angkop na mga hakbang na panseguridad. Malawak na nahahati ang mga third party na ito sa dalawang grupo: (i) mga supplier na lokal na sumusuporta sa mga indibidwal na Lokasyon ng Hyatt o mga grupo ng mga Lokasyon ng Hyatt, na nagpapalakad sa alinman sa mga bansa kung saan pinapalakad ang mga Lokasyon ng Hyatt; o (ii) mga tagapagbigay ng serbisyo na sentral na pinagkukunan, na sumusuporta sa Hyatt sa kabuuan, na maaaring matatagpuan sa malalaking mga lokasyon ng negosyo, partikular na sa Estados Unidos (kung saan kami naka-headquarter), sa Switzerland at Hong Kong.

7 Pag-update o Pag-access sa Iyong Personal na Impormasyon

Sa ilang limitadong eksepsiyon, maaari kang magtanong tungkol sa personal na impormasyon na pinapanatili namin tungkol sa iyo sa pamamagitan ng pagpapadala sa amin ng nakasulat na kahilingan sa pamamagitan ng sulat o e-mail sa mga address na tinukoy sa Seksiyon 10 sa ibaba. Pakitiyak na isama ang iyong buong pangalan, kasalukuyan (o huling) tungkulin sa trabaho at lugar ng pinagtatrabahuhan sa Hyatt at kopya ng isang dokumento na nagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan (tulad ng isang ID card o pasaporte) upang masiguro namin ang iyong pagkikilanlan at ang personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo. Hindi namin maaaring ibunyag ang data na hindi mo karapat-dapat na matanggap sa ilalim ng mga may-kaugnayang batas (*hal.*, mga data na nagbubunyag ng impormasyon tungkol sa ibang indibidwal). Kung saan ikaw ay magpadala ng higit sa isang kahilingan nang magkakasunod, maaari kaming tumugon sa iyong kasalukuyang kahilingan sa pamamagitan ng pagtukoy sa iyong naunang sagot at pagtukoy lamang sa alinmang mga bagay na may kabuluhang pagbabago.

Maaari mong hilingin na itama namin, tanggalin at/o ihinto o higitan ang pagproseso ng personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat o e-mail sa address na nakatala sa Seksiyon 10 sa ibaba. Kung sumang-ayon kami na ang impormasyon ay mali o ang pagpoproseso ay dapat na ihinto, tatanggalin namin o itatama ang impormasyon. Kung hindi kami sumang-ayon na mali ang impormasyon, sasabihin namin sa iyo na hindi kami sumasang-ayon at itatala namin ang katotohanang itinuturing mong mali ang personal na impormasyong iyon sa (mga) may kaugnayang file.

Bilag pagtatapos, maaari kang magkaroon ng abilidad sa ilang mga pagkakataon na tumanggi sa pagpoproseso sa iyong personal na impormasyon batay sa iyong partikular na sitwasyon. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagpapadala sa amin ng isang sulat o email sa address na nakatala sa Seksiyon 10 sa ibaba. Kung sumang-ayon kami na ikaw ay nararapat na tumanggi, ititigil namin ang pagpoproseso ng iyong personal na impormasyon.

8 Pagpoprotekta ng Iyong Personal na Impormasyon

Iniiimbak namin at/o ng aming mga tagapagbigay-serbisyo ang personal na impormasyong kinokolekta namin mula sa iyo sa mga database na pinoprotektahan sa pamamagitan ng isang kumbinasyon ng mga pisikal at electronic na kontrol sa pag-access, teknolohiya ng firewall at iba pang mga makatuwirang hakbang panseguridad. Gayunpaman, hindi mapipigilan ng mga naturang panseguridad na hakbang ang lahat ng pagkawala, maling paggamit o pagbabago sa personal na impormasyon at hindi kami mananagot sa anumang mga pinsala o pananagutang may kinalaman sa anumang mga naturang pangyayari sa pinakamalawak na sakop na pinapahintulutan ng batas. Kapag iniaatas ng batas, aabisuhan ka namin tungkol sa anumang naturang pagkawala, maling paggamit o pagbabago sa personal na impormasyon na maaaring makaapekto sa iyo, upang makapagsagawa ka ng mga naaangkop na pagkilos para sa nararapat na pagprotektang sa iyong mga karapatan.

9 Mga Pagbabago sa Patakarang ito

Gaya ng patuloy na pagbabagu-bago ng aming negosyo, maaari ring magbago ang Patakarang ito. Upang makatulong sa iyo, may nakatakdang petsa ng pagkakaroon ng bisa ang Patakarang ito sa dulo ng dokumentong ito.

10 Hiling para sa Pag-access sa Personal na Impormasyon/Mga Tanong o Reklamo

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa Patakarang ito, tungkol sa pagpoproseso ng iyong personal na impormasyon tulad ng inilarawan dito, o anumang mga pangamba o reklamong nauugnay sa pamamahala ng Patakaran, o kung gusto mong magsumite ng isang hiling (sa paraang nakalarawan sa Seksyon 7 sa itaas) upang gamitin ang iyong karapatan kaugnay sa personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang alinman sa mga sumusunod na paraan:

- para sa mga kasalukuyang empleyado, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong line manager o iyong human resources manager; at
- para sa mga aplikante at dating empleyado, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Punong Opisyal sa Pagkapribado ng Hyatt sa privacy@hyatt.com.

Para sa mga reklamo, ang higit pang pagpapataas sa opsyon ng empleyado ay magagawa sa nauugnay na Tagapamahalang Pangkalahatan ng Hotel at hanggang sa Punong Opisyal sa Pagkapribado ng Hyatt sa pamamagitan ng isang email sa privacy@hyatt.com.

Bagama't kung nag-iisa ay hindi makakagawa ang Patakarang ito ng mga karapatang pangkontrata, tiniyak ng Hyatt ang pagsunod sa ilan sa mga legal nitong obligasyon sa ilang bansa kaugnay ng personal na impormasyon sa pamamagitan ng paggawa ng mga ipinapatupad na pamantayan at patakaran (kilala sa ilang bansa bilang mga ipinapatupad na panuntunan ng kumpanya), na inaprubahan ng ilang pambansang tagakontrol ng pagkapribado. Bilang resulta, depende sa iyong mga sitwasyon at lokasyon, maaaring maipatupad mo ang iyong mga karapatan sa pagkapribado gamit ang mga pamantayan o patakarang iyon sa pamamagitan ng tagakontrol na iyon o ng isang hukuman. Kung gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa mga pamantayan at patakarang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Punong Opisyal sa Pagkapribado sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang e-mail sa privacy@hyatt.com.

Ang lahat ng hiling para sa pag-access sa iyong personal na impormasyon ay dapat na isumite nang nakasulat sa pamamagitan ng isang liham o email. Maaari kaming tumugon sa iyong hiling sa pamamagitan ng liham, email o anumang iba pang naaakmang paraan.

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Mayo 2018

Kung sakaling mayroong anumang mga hindi pagkakatatugma sa pagitan ng Ingles na bersyon ng Patakarang ito at ng anumang bersyon ng Patakarang ito sa anumang iba pang wika, dapat mangibabaw ang Ingles na bersyon (sa pinakamalawak na sakop na pinapahintulutan ng naaangkop na batas).